



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DAPITAN CITY

**Tanggapan ng Tagapamanihala
ng Sangay**

5 Agosto 2026


MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 388, s. 2026

**PANREHIYONG BERIPIKASYONG PARA SA MGA HEALTHY LEARNING
INSTITUTIONS (HLI) NG MGA LAST MILE ELEMENTARY SCHOOLS**

Para sa: Katulong na Tagapamanihala ng Sangay
Mga Hepe ng Dibisyon ng Implementasyon ng Kurikulum
at Dibisyon ng Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan
Mga Pinuno ng Pampublikong Paaralan
Lahat ng Iba Pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa paninindigan ng Kagawaran ng Edukasyon na itaguyod ang ligtas at malusog na kapaligiran sa pagkatuto sa mga paaralan, ipinababatid ng Tanggapang ito ang pagsasagawa ng **Panrehiyong Beripikasyon para sa Healthy Learning Institutions (HLI) ng mga Last Mile Elementary Schools** sa **Agosto 18, 2026**, mula 1:00 ng hapon hanggang 5:00 ng hapon sa Bulwagang Pangkumperensya ng tanggapang ito.
2. Layunin ng gawaing ito na tiyakin ang pagpapatupad ng mga pamantayan ng *Healthy Learning Institutions (HLI)* at tasahin ang kahandaan at pagsunod ng mga itinalagang *Last Mile Elementary Schools* sa mga itinakdang panukat o tagapagpahiwatig.
3. Ang mga kalahok sa gawaing ito ay ang mga Punongguro, Administrative Officer II, at mga District Nurses ng mga itinalagang *Last Mile Elementary Schools*, kabilang ang San Francisco Elementary School, Masidlakon Elementary School, Yabu Elementary School, Capucao Elementary School, Daro Elementary School, at *Aliguay Integrated School*.
4. Inaatasan ang mga kalahok na dalhin ang lahat ng kinakailangang dokumentaryong ebidensya at iba pang kaugnay na mga sumusuportang dokumento na may kaugnayan sa mga pahiwatig ng *Healthy Learning Institutions (HLI)* para sa beripikasyon at pagpapatunay.
5. Inaatasan ang mga Punongguro na tiyaking ang lahat ng isinumiteng dokumento ay kumpleto, mahusay ang pagkakaayos, at madaling maipapakita sa panahon ng beripikasyon.
6. Ang gastusin sa paglalakbay at iba pang kaugnay na gastusin ng mga kalahok ay kukunin sa MOOE ng paaralan, alinsunod sa umiiral na mga tuntunin at regulasyon sa pagtutuos at pagsusuri.
7. Inaatasan ang agarang pagpapalaganap at mahigpit na pagsunod sa Memorandum na ito.



JAY S. MONTEALTO, CESO V
Tagapamanihala ng Sangay *[signature]*



Sunset Boulevard, Dawo, 7101 Dapitan City
0912-617-7243
www.depeddapitancity.net
dapitancity@deped.gov.ph
fb.com/DepEdDapitanCity

